Impormasyon para sa mga Pamilya

Mga Serbisyo sa Pabahay: Pakikibahagi ng Tahanan

Nagbibigay ang Community Living British Columbia (CLBC) ng mga suporta at serbisyo sa mga karapat-dapat na taong nasa wastong edad* at kanilang mga pamilya. Ang CLBC ay nagpopondo ng iba't ibang mga serbisyo sa pabahay. Ang pakikibahagi ng tahanan ay isang serbisyo para sa suporta sa pabahay na pinipili ng maraming mga karapat-dapat na taong nasa wastong edad at kanilang mga pamilya. Ang CLBC ay may hanay ng mga patakaran, mga tagubilin, at mga batayan para sa pakikibahagi ng tahanan. Ang pilyegong impormasyong ito ay sasagot sa ilang mga karaniwang tanong ng mga pamilya tungkol sa pakikibahagi ng tahanan. Sinasagot ng pilyego ng impormasyong ito ang ilang mga karaniwang tanong tungkol sa aming Patakaran sa Trabaho [Employment Policy].

Ano ang pakikibahagi ng tahanan [home sharing]?

Ang pakikibahagi ng tahanan o home sharing ay isang uri ng serbisyo sa pabahay na pinopondohan ng CLBC na sumusuporta sa mga taong nasa wastong edad upang makapamuhay nang lubos at independiyente o malaya, hangga't maaari, sa komunidad.

Sa pakikibahagi ng tahanan, ang isang indibidwal (ang isang taong nasa wastong edad na karapat-dapat para sa mga suporta ng CLBC) na nangangailangan ng serbisyo para sa suporta sa pabahay at ang taong nagbibigay ng suporta ay nakatira sa parehong bahay. Sa ilang sitwasyon, ang suporta ay ibinibigay sa tahanan ng indibidwal (live-in support) at sa ibang sitwasyon, ito ay ang tahanan ng tagabigay (provider).

Ibinibigay man ang suporta sa tahanan ng indibidwal o sa tahanan ng tagabigay, dapat ay maramdaman ng lahat na ito ay talagang isang tahanan. Kapag naisaayos na ang pakikibahagi ng tahanan sa tahanan ng tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan, ang mga indibidwal ay laging may sarili nilang espasyo o lugar na malalagyan nila ng dekorasyon at maakong kanila.

Paano gumagana ang pakikibahagi ng tahanan?

Ang mga pagsasaayos ng pakikibahagi ng tahanan ay nagpapahintulot sa mga indibidwal at mga tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan na makapamuhay nang magkasama at makibahagi ng maraming aspeto ng kanilang mga buhay, ngunit sa parehong pagkakataon ay pinananatili pa rin ang kani-kanilang buhay. Sa mga pagsasaayos ng pakikibahagi ng tahanan, ang tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan ay may responsibilidad sa pagbigay ng suporta at tulong batay sa partikular na mga pangangailangan at mga mithiin ng indibidwal.

Ang mga pagsasaayos ng pakikibahagi ng tahanan ay nagpapahintulot sa mga indibidwal na makapamuhay ng buhay ng isang taong nasa wastong edad na may suporta na kinakailangan para matustusan ang kanilang pang-araw-araw na mga pangangailangan at nagpapahintulot sa antas ng pagiging independiyente (o malaya) na may saysay para sa indibidwal.

COMMUNITY LIVING
BRITISH COLUMBIA



Sino ang mangangasiwa sa pagsasaayos ng pakikibahagi ng tahanan?

Nakikipagtulungan ang CLBC sa isang network ng mga kwalipikadong mga tagabigay ng serbisyo upang makapag-alok ng pakikibahagi ng tahanan sa mga komunidad ng buong BC. Ang pakikibahagi ng tahanan ay maaaring ialok ng mga ahensiya ng komunidad o direktang ialok sa pamamagitan ng CLBC. Inilalapat ang parehong mga maaasahan sa pag-apruba ng isang tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan at mga serbisyo sa pagsubaybay, maging ang CLBC man o ang kwalipikadong ahensiya ng komunidad ang makipagkontrata para sa serbisyo.

Paano tayo makakahanap ng tamang sitwasyon ng pakikibahagi ng tahanan?

Ang unang hakbang ay ang pakipag-ugnayan sa isang tagapangasiwa (facilitator) ng CLBC sa iyong rehiyon (tingnan ang website ng CLBC para sa mapa at mga lokasyon ng tanggapan). Tutulungan ka ng tagapangasiwa sa pagbuo ng isang plano at bibigyan ka niya ng impormasyon tungkol sa mga pagpipilian/opsiyon sa pakikibahagi ng tahanan. Sa kadalasan, ang tamang tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan ay maaaring miyembro ng personal na network ng suporta ng indibidwal. Sa kasong ito, makakapagbigay ang mga katulong (staff) ng CLBC ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangang pamantayan at ng proseso para sa pag-apply sa pagiging tagabigay ng serbisyo para sa pakikibahagi ng tahanan. Masisimulan ang diskusyong ito anumang oras at ito ay mahalagang bahagi ng paglikha ng tamang mga suporta sa pabahay na makakatugon sa natatanging mga pangangailangan ng miyembro ng inyong pamilya.

** Ang nasa wastong edad na karapat-dapat sa CLBC ay isang taong may 19 na taong gulang o higit pa at nakakatugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat na inilalarawan sa Patakaran sa Pagiging Karapat-dapat sa mga Suporta at Serbisyo ng CLBC [Eligibility for CLBC Supports and Services Policy]*

Gaano katatag ang pakikibahagi ng tahanan?

Ang ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal at mga tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan ay madalas na tumatagal nang maraming taon. Gaya ng lahat ng mga sitwasyon sa paninirahan, minsan may mga kailangang baguhin at minsan lumilipat ng tirahan ang mga tao. Kapag ganito ang kaso, ang CLBC o ang ahensiya ng pakikibahagi ng tahanan ay nakikipagtulungan sa mga indibidwal at sa kanilang mga network ng suporta upang makagawa ng magandang daloy ng paglipat sa bagong tahanan.

Paano ko malalaman kung ligtas ang miyembro ng aking pamilya o hindi?

Ang mga miyembro ng pamilya at ang iba pang tao sa network ng suporta ay may mahalagang papel sa pagsigurado na ang mga indibidwal ay ligtas sa pamamagitan ng regular na pakikipag-ugnayan at pagbisita. Malugod na tinatanggap ng mga tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan ang pakikisangkot ng pamilya at ng mga kaibigan sa buhay ng bawat indibidwal. Ang mga indibidwal at ang kanilang mga pamilya ay sasali sa pinakahuli [final] na proseso ng pagpili ng isang tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan para sa sarili nilang mga kondisyon. Nasa lugar din ang pormal na mga depensa [safeguard], gaya ng mga proseso ng pag-apruba sa pakikibahagi ng tahanan at mga tagubilin para sa pagsubaybay. Lahat ng tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan ay dapat na maaprubahan sa pamamagitan ng proseso ng pag-aaral sa tahanan.

Kapag naibigay ang pakikibahagi ng tahanan sa ilalim ng pakikipagkontrata sa CLBC, binibisita ng katulong [staff person] ng CLBC ang tahanan nang hindi bababa sa isang beses bawat taon at siya ang responsable sa pagsusubaybay ng pagsasaayos. Ang mga katulong (staff) ng ahensiya ay bumibisita at nagsusubaybay sa tahanan kapag ang mga ahensiya ang responsable sa mga pagsasaayos ng pakikibahagi ng tahanan.

Pagkakaroon ng magandang buhay

Ang mga bagay na kinakailangan upang magkaroon ng magandang buhay ay talagang parehong mga bagay na nagpapanatiling ligtas sa mga tao: mapag-arugang pakikihalubilo o relasyon, mga oportunidad sa pakikisali, at pagkontrol ng mga kondisyon ng pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ang dahilang kung bakit ang pakikibahagi ng tahanan ay kailangang maisagawa nang maigi para sa bawat indibidwal batay sa sarili niyang mga mithiin at mga pangangailangan.

Anong uri ng suporta ang ibinibigay sa mga pagsasaayos ng pakikibahagi ng tahanan?

Ang uri at halaga ng suporta na ibinibigay ay talagang nagdedepende sa partikular na mga pangangailangan ng indibidwal. Nakikipagtulungan ang mga indibidwal, mga miyembro ng pamilya, mga tagabigay ng serbisyo, at ang CLBC sa pagsigurado na ang suportang ibinibigay ay nakakatugon sa mga pabagu-bagong mga pangangailangan ng indibidwal.

Ang pakikibahagi ng tahanan ay isang isina-indibidwal na suporta sa pabahay na lumilikha ng isang pakikipag-ugnayan na mayroong maaasahan at laging nandiyan na mga tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan, na kumikilala sa indibidwal at sa kanyang partikular na mga pangangailangan. Ito ay maaaring mabuo upang makatugon sa isang hanay ng mga pangangailangan sa suporta at maaaring maging pinakamaiging opsyon o choice sa pagpapatuloy (pag-accommodate) ng mga indibidwal na may kumplikadong mga pangangailangan sa suporta. Ang mga tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan ay inaasahang magkaroon ng naipakitang mga kahusayan at kaugnay na pagsasanay.

Ang mga indibidwal na pipili ng ganitong pagsasaayos ng pabahay ay maaari ring maka-access sa iba pang serbisyo gaya ng pakikisali sa komunidad o suporta sa trabaho.

Ang pakikibahagi ng tahanan ba ay bagong serbisyo sa pabahay?

Hindi, hindi bago ang pakikibahagi ng tahanan. Maaaring napalitan ang pangalan ng pagsasaayos sa pabahay na ito sa paglipas ng mga taon (mga serbisyo sa proprietary care, family care, host family, atbp.), ngunit ang huwaran ng pagkakaroon ng isang taong nasa wastong edad na nangangailangan ng suporta sa pabahay at ng taong nagbibigay ng suporta na tumitira sa iisang tahanan ay naririyan na mula pa noong 1970s.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon, gaya ng:

Saan ang magiging tahanan?

Sinu-sino pa ang nakatira sa tahanan?

Paano mailalarawan ang kalapit-bahayan?

Titira ba sa tahanan ang iba pang taong nasa wastong edad na karapat-dapat para sa CLBC?

Sinu-sino ang mga tagabigay para sa pakikibahagi ng tahanan?

Maari bang makipagkita muna kami sa kanila?

Paano kung ang pagsasaayos ay hindi akma?

Paano kung ang miyembro ang aming pamilya ay gustong lumipat?

Ang mga pamilya ay magkakaroon ng iba't ibang mga tanong tungkol sa sarili nilang mga sitwasyon na pagtutulungan ninyo at ng CLBC at/o ng ahensiya ng pakikibahagi ng tahanan na masagot. May maraming iba't ibang pamamaraan upang maisaayos ang pakikibahagi ng tahanan.

Sa pakikibahagi ng tahanan, ang sentro ay laging sa indibidwal at ang pagtiyak na siya ay maiging nasusuportahan. Gaya ng anumang suporta o serbisyo, mahalaga na ang bawat isang kasangkot ay sama-samang nakikipagtulungan upang matiyak na ang lahat ng opsiyon ay napag-aralan at ang lahat ng tanong ay nasagot. Kung ika'y interesadong madagdagan pa ang nalalaman tungkol sa pakikibahagi ng tahanan o mayroong mga tanong tungkol sa sarili ninyong sitwasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng CLBC.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pakikibahagi ng tahanan [home sharing], mangyaring bumisita sa www.communitylivingbc.ca at pumunta sa Individuals & Families > Home Sharing. Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa pagpaplano [planning], makikita mo ang pahinang Information for Families on Planning sa ilalim ng Policies & Publications > Publications > Information for Families.

Matatawagan mo ang CLBC sa toll free na numerong 1-877-660-2522.

ABRIL 2011